

Pangalagaan ang Inyong Languyan,

Pangalagaan ang inyong mga Anak

Tseklis

Sa NSW, 12 bata na wala pang limang taong gulang ang nalunod noong 2010-11, at may 64 pang mga bata ang napasok sa ospital dahil muntikan nang malunod. Ang mga batang wala pang limang taong gulang ang may pinakamaraming taya ng pagkalunod sa alin mang grupo ng edad, may halos 50% ay nangyayari sa mga languyan.

Ang di-sapat na pagbabakod ng languyan ay patuloy na nagiging isang pangunahing sanhi ng taya ng pagkalunod at muntikan nang pagkalunod ng mga batang wala pang limang taong gulang. Ang pagbabakod ng languyan ay nagbibigay ng karagdagang proteksiyon sa pamamagitan ng paghihigpit na makalapit sa lugar ng languyan.

Lahat ng mga may-ari ng languyan ay dapat matyagan palagi ang kanilang languyan sa loob ng buong taon, lalung-lalo na sa mga buwan na papalapit sa tag-init.

Mangyaring alamin po lamang na ang mga lehislasyon ukol sa pagbabakod ng languyan ay iba iba sa lahat ng estado at teritoryo sa Australya, at ang tseklis na ito ay ukol lamang sa NSW.

May mga matitinding parusa na iuukol sa sinuman na hindi susunod sa *Swimming Pools Act 1992* (NSW) (*Batas ukol sa mga Languyan 1992* (NSW)).



Para sa higit pang impormasyon, bumisita sa <http://kidshealth.schn.health.nsw.gov.au> at i-klik ang drowning prevention link na nasa projects tab.

Mga Batas ukol sa Languyan at ang Inyong mga Kalagayan

Ang *Swimming Pools Act 1992* (NSW) ay nag-aatas sa mga may-ari ng pribadong languyan na tiyakin sa lahat ng oras na ang kanilang mga languyan ay naliligiran ng hadlang na pampigil sa bata, at ito ay naghihiwalay sa languyan mula sa alin mang tirahang gusali sa propyedad pati sa alin mang pampubliko o pribadong lugar na karugtong ng propyedad.

Karaniwan, ang isang tinutupad na panghadlang ay isang bakod na nakapaligid sa languyan na may apat na paligid na ayon sa natatanging pamantayan.

Gayunman, may ibat ibang pamantayan at ilang eksempsiyon na nauukol batay sa kung kailan itinayo ang languyan, at ang katangian ng lugar kung saan naroon ang inyong languyan. Halimbawa, ang mga ito ay maaaring gamitan ng mga trangka sa pintuan at bintanang pampigil ng bata para maibukod ang tirahan mula sa languyan sa mga limitadong pangyayari.

Kontakin ang inyong lokal na konseho para sa payo tungkol sa klase ng panghadlang na kailangan ng inyong languyan at ang pamantayan sa pagtatayo nito.

Rehistro ng languyan

Simula sa ika-29 ng Oktubre, 2013, lahat ng languyan ay dapat irehistro sa isang pambuonng estadong rehistro. Makakapagpatala sa rehistro ng languyan mula sa ika-29 ng Abril 2013. Bilang bahagi ng pagrerehistro, ang mga may-ari ng languyan ay kailangang magpatibay na sa abot ng kanilang kaalaman ang kanilang languyan ay sumusunod sa mga regulasyon. May multa para sa mga may-ari ng languyan na hindi magrerehistro ng kanilang languyan.

Makalampas ang ika-29 ng Abril 2013 – Nairehistro na ba ninyo ang inyong languyan sa pambuonng estadong rehistro ng languyan?

☐ Oo

☐ Hindi - Kontakin ang inyong lokal na konseho, pribadong tagapagtibay o bumisita sa online website ng Pamahalaan ng Estado ng NSW para irehistro ang inyong languyan.

Mga pag-inspeksiyon ng languyan

Simula sa ika-29 ng Abril 2014, lahat ng mga akomodasyon at propyedad para sa mga turista at bisita na may mahigít sa dalawang tirahan ay dapat ma-inspeksiyon ang languyan nang minsan man lamang sa loob ng tatlong taon.

Ang tirahan ay isang kuwarto o grupo ng mga kuwarto na tinitirahan o ginagamit, o itinayo o ginawa para matirahan o magamit bilang isang hiwalay na tirahan. Kabilang dito ang mga townhouse/villa, mga tirahang flat at apartment. Mga panlahat na languyan sa mga housing estate, community estate, caravan park, pook para sa kamping, atbp. na may languyan.

Lahat ng programa ng lokal na konseho sa pag-iinspeksiyon ng languyan para sa kanilang lokal na pook ay sisimulan bago lumagpas ang ika-29 ng Oktubre 2013. Ang mga lokal na konseho ay maaaring sumingil sa mga may-ari ng languyan ng hanggang \$150 para sa unang inspeksiyon, at hanggang \$100 sa pangalawang inspeksiyon kung kailangan (kung may makikitang depekto sa unang inspeksiyon). Kontakin ang inyong lokal na konseho para sa karagdagang impormasyon.

Simula sa ika-29 ng Abril 2014, lahat ng tirahang propyedad na may languyan ay dapat may balidong katibayan ng pagsunod bago ang proyedad ay mapapaupahan o maibebenta.

Simula sa ika-1 ng Mayo 2012, ang mga may-ari ng languyan ay maaaring makipag-usap sa lokal na konseho man o sa isang aprobadong tagapagtibay para mag-inspeksiyon ng panghadlang sa languyan para makapag-isyu ng isang katibayan ng pagsunod. Ang mga katibayan ng pagsunod ay may bisa ng tatlong taon.

Mga skimmer box

Simula noong 1993, lahat ng mga languyan at spa sa NSW ay kinakailangang may ligtas na skimmer box dahil sa malulubhang pinsala sa loob ng katawan na nangyayari dahil sa pag-upo sa skimmer box ng languyan, lalo na ang mga lumang skimmer box na estilong 'potty'.

Ang inyong skimmer box ba ay may permanenteng panakip na hugis-simboryo (dome) at isang safety skirt (pangkaligtasang pang-gilid) na maaalis lamang sa pamamagitan ng paggamit ng isang kasangkapan?

☐ Oo

Hindi– maglagay ng isang permanenteng panakip sa pasukan ng filter. Ang mga tagayari o tagakumpuni ng mga languyang fibreglass ay makapagkukumpuni nito (mahahanap ninyo sila sa Yellow Pages). At, ang inyong lokal na tagabenta ng languyan ay maaaring may murang kit na pampalit para sa lumang klase ng skimmer box.



Mapanganib na skimmer box



Ligtas na binagong skimmer box

Mga Bagong Languyan

Sa ilalim ng *Work Health and Safety Regulations 2011 (Cth)*, [*Mga Regulasyon ukol sa Kalusugan sa Trabaho at Kaligtasan 2011 (Komonwelt)*], kailangan ang pansamantalang bakod sa lahat ng kasalukuyang itinatayong mga languyan upang maiwasan ang mga panganib sa kalusugan at kaligtasan dahil sa paghuhukay. Kabilang dito ang pagpigil sa pagkahulog ng mga bata sa walang tubig na languyan, o pagkalunod sa tubig kung mayroon nito matapos umulan.

May pansamantalang bakod ba kayo sa paligid ng languyan habang ito ay itinatayo?

☐ Oo

☐ Wala– mag-instala ng pansamantalang bakod.

Tumanggap ba kayo ng pag-aproba mula sa inyong lokal na konseho bago itayo ang bagong languyan?

☐ Oo

☐ Hindi – Kontakin ang inyong lokal na konseho o pribadong tagapagpatibay ng pagtatayo.

Nakipag-usap na ba kayo sa inyong lokal na konseho kung saan itatayo ang inyong permanenteng bakod?

☐ Oo

☐ Hindi – Kontakin ang inyong lokal na konseho para tiyaking ang lugar ng permanenteng bakod ng languyan ay susunod sa mga patakaran ng konseho.

Nagkaroon na ba kayo, sa lalong madaling panahon, ng panghuling inspeksiyon ng lokal na konseho o pribadong tagapagpatibay ng pagtatayo matapos maitayo ang sunod sa patakarang permanenteng bakod?

☐ Oo

☐ Hindi – Kontakin ang inyong lokal na konseho o pribadong tagapagpatibay ng pagtatayo para magsaayos ng panghuling inspeksiyon.

Bakod -Panloob ng Languyan – Taas – tingnan ang hiwalay na seksyon para sa mga bakod-hangganan

Ang bakod ba ng inyong languyan ay 1.2m man lamang ang taas mula sa pinatag na lupa?

☐ Oo

☐ Hindi – Kontakin agad-agad ang isang Lisensiyadong Tagapagtayo, Teknisiyan sa Languyan, o Kontratista sa Pagbabakod.



Bakod ng Languyan- Hindi maaakyat na Sona

Tiniyak ba ninyo na ang mga puno, palumpong ng halaman, o anumang bagay tulad ng BBQ, mga paso ng halaman, laruan, hagdan at upuan ay nasa labas ng 90cm na Hindi Maaakyat na Sona? *(Sukatin nang pahugis- arko mula sa ibabaw ng panlabas na panig ng bakod ng languyan paarko patungo sa lupa)*

☐ Oo

☐ Hindi – Ang mga puno o palumpong ng halaman na malapit sa panghadlang sa languyan at iba pang bagay tulad ng BBQ, mga paso ng halaman, laruan, hagdan at upuan ay hindi dapat nasa loob ng 90cm na hindi maaakyat na sona para hindi ito magamit ng isang bata para makaakyat sa bakod.

Wala dapat sa permanenteng istraktura sa 30cm na hindi maaakyat na sona sa panloob na panig ng bakod ng languyan. Ang mga hindi panlangayang istraktura tulad ng garahe, pergola, sampayan, silungan ng bangka, ramp/pontoon o mga silungan ay hindi maaaring nasa looban ng languyang lugar.



Bakod ng Languyan – Mga Agwat na Patayo

Kung ang bakod ay mayroong mga baras na patayo, ang mga agwat ba sa pagitan ng mga baras ay hindi hihigit sa 10cm?

☐ Oo

Nota: Ang pinakamalaking agwat na 10cm ay para magkaroon ng bigay ang baras at karaniwan ay kulang sa 9cm ang sukat.

☐ Hindi - Kontakin agad-agad ang isang Lisensiyadong Tagapagtayo, Teknisiyan sa Languyan, o Kontratista sa Pagbabakod.

Bakod ng Languyan – Pahalang na Baras na maaakyat

Ang mga pahalang na baras ba sa bakod ay 90cm man lamang ang layo mula sa isat isa?

☐ Oo



☐ Hindi - Kontakin agad-agad ang isang Lisensiyadong Tagapagtayo, Teknisiyan sa Languyan, o Kontratista sa Pagbabakod.

Bakod ng Languyan - Puwang sa Ilalim ng Bakod

Ang puwang ba sa ilalim ng bakod ng languyan hanggang sa pinatag na lupa ay hindi hihigit sa 10cm?

☐ Oo

☐ Hindi - Kontakin agad-agad ang isang Lisensiyadong Tagapagtayo, Teknisiyan sa Languyan, o Kontratista sa Pagbabakod.



Bakod at Tarangkahan – Pagpapanatili

Lahat ba ng mga kandado, tornilyo, at pangkapit ay mahigpit at nasa mabuting kondisyon?

☐ Oo

☐ Hindi – ang anumang kandado, tornilyo at pangkapit na maluluwag ay dapat higpitan o palitan.

Winiwisikan ba ninyo ng langis o silicone ang mga bisagra ng tarangkahan, kandado at tarangkang kusang nasasara?

☐ Oo

☐ Hindi – Dapat kayong bigyan ng mga tagayari ng bakod at tarangkahan ng languyan ng nakasulat na tagubilin kung paano mapapanatili ang bakod at tarangkahan ng inyong languyan. Maaaring kasali dito ang tungkol sa regular na pagpapalit ng spring (muwelye) at regular na pagwisik ng langis o silicone sa mga bisagra ng tarangkahang kusang nasasara, kandado at tarangka, na tutulong humadlang sa maraming depektong ukol sa mga kusang nagsasara at nagkakandadong tarangkahan.

Bakod ng Languyan – Lokasyon ng Pansara sa Tarangkahan

Ang walang pantabing na pansara ng tarangkahan ng languyan ba ay 150cm man lamang ang taas mula sa lupa?

☐ Oo

☐ Hindi – Kung ang pansara ng inyong tarangkahan ay kulang sa 150cm ang taas mula sa lupa, ito ay dapat nasa panloob na panig ng bakod ng languyan, mga 15cm man lamang mula sa itaas ng bakod, na may pantabing sa paligid ng tarangka na mga 45cm man lamang ang lapad.

Karatula ng Cardio-Pulmonary Resuscitation (CPR)

May karatula ba kayo ng CPR sa lugar ng inyong languyan na nasa mabuting kondisyon at maaaring mabasa mula sa layo na 3 metro?

☐ Oo

☐ Wala – Bumili at ipaskil ang karatula ng CPR mula sa inyong lokal na tagabenta ng languyan, mga samahang Pangkonseho o Pangkomunidad tulad ng St John Ambulance, Australian Red Cross o The Royal Life Saving Society.

Nota: Ang karatula ng CPR ay mangailangang palitan kung kukupas. .

Tarangkahan ng Languyan, Mga Kagamitang Kusang Nasasara at Natatarangka

Ang tarangkahan ba ng inyong languyan ay sumasara nang papalabas (palayo mula sa lugar ng languyan)?	☐ Oo	☐ Hindi – Ang Tarangkahan ay dapat tanggalin at isabit na muli para ito ay sasarang papalabas (palayo mula sa lugar ng languyan).
Ang tarangkahan ba ng inyong languyan ay awtomatikong nasasara na hindi na kailangang piliting isara ito mula sa bukas na posisyon?	☐ Oo	☐ Hindi – Ang tarangkahan ng languyan ay dapat isara nang permanente hanggang sa makapaglagay ng isang bagong pansara at pangkadado. Ang mga kusang nasasara at nagtatarangkang kagamitan ay mabibili mula sa karamihan ng mga tindahan ng languyan at hardware at madali lang na ikabit.
Ang tarangkahan ba ng inyong languyan ay awtomatikong nakakandado (kusang natatarangka) kapag sumasara ang tarangkahan?	☐ Oo	
Tinitiyak ba ninyo na hindi ninyo tinutukuran para iwanang bukas ang tarangkahan?	☐ Oo	☐ Hindi – Laging isasara ang tarangkahan at huwag kailanman tukuran para iwanang bukas ang tarangkahan.

Ang Bakod-hangganan na Ginagamit bilang Bahagi ng Bakod ng Languyan

Kung may mga baras na pahalang sa panloobang panig ng bakod-hangganan, ang mga ito ba ay nasa labas ng 90cm na Hindi Maaakyat na Sona? <i>(Sukatin nang pahugis-arko mula sa ibabaw ng panlabas na panig ng bakod ng languyan paarko patungo sa lupa)</i>	☐ Oo	☐ Hindi – Kontakin ang isang Lisensiyadong Tagapagtayo, Teknisiyan sa Languyan o Kontratista sa Pagbabakod para bigyan kayo ng isang solusyon na sumusunod sa regulasyon.
--	-----------------------------	--

Mga Bintanang Pampigil ng Bata – Mga Pasimanong Kulang sa 180cm ang Taas mula sa Lupa

Ang mga languyan at panghandlang na itinayo bago ika-1 ng Setyembre 2008 ay baka may mga bintanang ligtas para sa bata bilang bahagi ng bakod ng languyan o panghadlang. Ang mga kinakailangan para sa mga lumang languyan kabilang ang mga bintanang ligtas para sa bata ay iba kaysa sa mga kinakailangan para sa mga bagong languyan kabilang ang mga bintanang pampigil ng bata . Kung ang mga bintana ay bahagi ng panghadlang sa languyan ay hindi pinananatili ayon sa angkop na pamantayan, maaari kayong pasunurin sa kasalukuyang mga kinakailangan ukol sa mga bintanang pampigil ng bata. Ang mga panghadlang na binago o ginawang muli ay maaaring kailanganin ding sumunod sa mga kasalukuyang kinakailangan para sa mga bintanang pampigil ng bata. Mangyari lamang na alamin mula sa inyong lokal na konseho.		
Kung mayroon kayong mga bintana na ligtas para sa bata na bahagi ng isang panghadlang sa languyan, ang mga ito ba ay may kagamitang pankandado o may security screen na pipigil sa pagbukas nito nang mahigit sa 10cm?	☐ Oo	☐ Wala – Ang eksemplasyon ng mga bintanang ligtas para sa bata ay hindi na pinapayagang ma-instala. Kailangan ninyong sumunod sa kasalukuyang kinakailangan para sa mga bintanang pampigil sa bata.
Kung kayo ay may mga bintanang pampigil sa bata bilang bahagi ng isang panghadlang sa languyan, ang naibubukas bang bahagi ng bintana ay may takip na permanenteng nakakabit na baras o isang mesh screen?	☐ Oo	☐ Hindi – Magkabit ng mga baras o mesh screen (pinakamalaking agwat ay 10cm) para takpan ang bukasang bintana. Makabibili ng mga baras at mesh screen mula sa inyong lokal na hardware, ngunit dapat din kayong humingi ng payo mula sa inyong lokal na konseho o lisensiyadong tagapagtayo.

Mga Pintuan na Pampigil ng Bata

Ang ilang lumang languyan ay maaaring may mga pintuang bahagi ng bakod ng languyan o panghadlang. Hindi na ito pinapayagan sa pagtatayo ng mga bagong languyan o sa mga panghadlang na binago o ginawang muli.

Kung kayo ay may pintuan na bahagi ng isang paghadlang sa languyan, ito ba ay kusang nasasara?

☐ Oo

Kung kayo ay may pintuan na bahagi ng isang panghadlang sa languyan, ito ba ay kusang natatarangka?

☐ Oo

Kung kayo ay may pintuan na bahagi ng isang panghadlang sa languyan, ang kagamitang pantarangka ba ay may 150cm man lamang mula sa sahig at magagamit mula sa magkabilang panig ng pintuan?

☐ Oo

Kung kayo ay may pintuan na bahagi ng isang panghadlang sa languyan, tiniyak ba ninyo na walang matutuntungan na mas malapad pa sa 1cm sa pinto o balangkas nito sa pagitan ng sahig at 100cm mula sa sahig?

☐ Oo

Kung kayo ay may pintuan na bahagi ng isang panghadlang sa languyan, tiniyak ba ninyo na wala itong maliit na labasan para sa mga paboritong hayop?

☐ Oo

☐ Hindi

Ang eksempsiyon sa mga pintuang ligtas para sa bata ay hindi na pinapayagang ma-instala. Maaaring kailanganin kayong mag-instala ng isang bakod na may apat-na-ligid na nakapaikot sa inyong languyan. Mangyaring alamin mula sa inyong lokal na konseho.

Mga Langayang nakapaibabaw sa Lupa at De-hangin na Languyan

Kung kayo ay may langayang nakapaibabaw sa lupa, may bakod ba ito?

☐ Oo

Kung kayo ay may de-hangin o de-bitbit na languyan na kayang magkarga ng mahigit sa 30cm na tubig, may bakod ba ito?

☐ Oo

☐ Wala – Mag-instala ng bakod na pampigil sa bata.



Mga Languyang Spa		
May bakod ba ang paligid ng inyong languyang spa?	☐ Oo	☐ Wala - Mag-instala ng isang bakod na pampigil ng bata o dapat ninyong tiyaking may takip ang spa at may ligtas na naikakandadong istraktura (tulad ng isang pintuan, takip, grille o mesh) kapag hindi ginagamit ang spa.
Iba pang dapat tingnan		
Natingnan ba ninyo kung ang lahat ng bagay na pangkoryente at pambomba ay tumutugon sa mga kinakailangang pangkaligtasan at natatakpan nang wasto?	☐ Oo	☐ Hindi – Tingnan kung ang inyong spa ay may isang sapolitang tatak na numero ng pag-apruba ng pangkoryenteng kaligtasan o isang Tatak ng Pagsunod sa mga Regulasyon. Ang markang ito ay karaniwang may malaking titik para sa inyong estado o teritoryo sa Australya (halimbawa, N para sa NSW), at numero ng sertipiko.
Mayroon ba kayong karatula ng CPR malapit sa inyong spa na nasa mabuting kondisyon at mababasa sa layo na 3 metro?	☐ Oo	☐ Wala – Bumili at ipaskil ang isang karatula ng CPR mula sa inyong lokal na tagabenta ng languyan, mga samahang Pangkonseho o Pangkomunidad tulad ng St John Ambulance, Australian Red Cross o The Royal Life Saving Society.



Mga Umuupa
Ang lahat ng kasunduan sa pag-upa ay dapat may kasamang mga tungkulin para sa pagpapanatili ng languyan. Ang umuupa ay dapat magsabi sa inuupahan tungkol sa anumang sira o pagkumpunang kailangan. Ang umuupa ay maaaring gumawa ng pang-emerhensiyang pagkumpuni na nagiging sanhi ng pagiging hindi ligtas ng tirahan (na kasali dito ang mga sira sa bakod ng languyan) kung ang inuupahan o ahente ay hindi makontak o hindi gagawa ng pang-emerhensiyang pagkumpuni sa loob ng makatwirang panahon.